www.kidworship.kr

# The Story of Jesus
## ⑨ Krus at Pagkabuhay





**Man 1** Tingnan! Tingnan n'yo 'yang lalaki!

**Man 2** Hmm..Siya ba si Hesus?

**Man 1** Oo, siya nga iyon.

**Man 2** Ay, oh! Nakakatakot! Seryoso ba 'to?

**Man 1** Nakita n'yo ba? Sinabi ko sa inyo'to'y isang manloloko.

**Man 3** Oo, siya'y isang sinungaling.

**Man 1** Ang akala ko ba'y siya'y magiging hari ng buong mundo.

**Man 3** Sa palagay ko hindi. Ito'y nararapat sa kanya.

**Man 1** Iyan tamang-tama lang yan sa kanya!

**People** Ipako si Hesus sa krus! Patayin siya!

**Man 1** Kung ikaw nga ay Anak ng Diyos, bumaba ka mula sa krus.

**Man 2** Tama! Kung ikaw si Kristo, iligtas mo ang iyong sarili.

**Man 3** Nililigtas niya ang iba, pero hindi niya maililigtas ang kanyang sarili. Ha, ha, ha, ha!



**Man 1** Kung ikaw ay Hari ng Israel, hindi ka dapat ganito! Isa kang manloloko!

---

**Jesus** Ama! Patawarin mo sila. Hindi nila alam ang kanilang ginagawa. Ama, sa Iyong mga kamay, inilalagay ko ang aking buhay.

---

**Narration** Ito'y sumunod na araw pagkatapos ng Sabado. Maa-gang- maaga ang mga kababaihang ito ay sumunod kay Hesus mula sa Galilea. Sila'y pupunta sa libingan ni Hesus na may mga pabango. Ang mga pabango ay para sa katawan ni Hesus.



**Woman 1** Sino ang makakapag-angat ng bato mula sa libingan? Ito'y masyadong mabigat at malaki para sa atin na alisin.

**Woman 2** Tingnan niyo! Ang libingan ay bukas. May tao ba dito?







**Narration** Pumasok ang mga kababaihan sa libingan. Sila'y nagulat at natakot. Ang katawan ni Hesus ay wala doon. Sa oras na iyon, may dalawang tao na nagpakita. Sila ay kumikinang tulad ng kidlat. Natakot ang mga kababaihan at nagpatirapa sila ng kanilang mga mukha sa lupa.

**Shiner** Bakit n'yo hinahanap si Hesus sa libingan? Wala siya dito. Bumangon na siya. Sinabi niya na babangon siya. Sinabi niya, "Ang Anak ng Tao ay ipapako sa krus. Sa ikatlong araw, siya'y magbabangon mula sa Kanyang pagkamatay." Si Hesus ay nauuna na sa inyo patungo sa Galilea. Sabihin n'yo sa kanyang mga alagad at kay Pedro.

**Narration** Natakot ang mga kababaihan, ngunit puno sila ng kasiyahan. Sila'y nagmadali palayo mula sa libingan. Tumakbo sila papunta sa mga alagad para ipahayag ito. Ang libingan ay walang laman. Nabuhay si Hesus mula sa mga patay